

For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrice.com

Pagkolekta ng lupa para sa *laboratory soil analysis*

Ang pagpapasuri o soil analysis ay isang paraan upang matukoy ang kailangang sustansya ng lupa. Ang wastong pagkokolekta ng lupa ay labis na mahalaga.

Ang wastong interpretasyon ng pagsusuri sa lupa ay maaari lamang gawin kung ang mga sampol ay toto-ong kumakatawan sa kundisyon ng lupa sa bukid.

Ang mga sumusunod ay ang tamang paraan sa pagkolekta ng sampol ng lupa para sa laboratory soil analysis

Ang Pagsasampol

Ang pagsasampol ay madali lamang kung ang lupa ay mamasa-masa. Subalit, maaari ring gawin ang pagsasampol kung tuyo ang lupa o likas na basa tulad ng kundisyon sa bukid.

Kumuha ng sampol na lupa na malayo sa bakod, kalsada, bahayan, tumpok ng dayami, at buntong dumi ng hayop. Huwag paghaluin ang mga sumusunod:

- Mapusyaw at maitim na lupa;
- Sampol sa mga lugar na nag-iiba-iba sa nakaraang pag-aaplay ng abono o katamtamang ani ng pananim;
- Sampol mula sa ibat-ibang tekstura o gaspang ng lupa; at
- Sampol mula sa mga lupang may ibat-ibang taas at dalisdid.

Ang mga Materyales

Mga Kagamitan

- Isang mahabang makitid na pala o ordinaryong pala o gulok para pangkolekta ng sampol na lupa
- Para sa pinitak (basang lupa), gumamit ng tubong PVC na halos 2.5 pulgada ang dayametro

Mga Lalagyan


- Isang timba o palanggana para sa pagkolekta at paghahalo ng mga sampol na lupa
- Mga plastik na bag para sa pagpapakete ng mga sampol mula sa bukirin papuntang laboratoryo

Pamamaraan

1. Hatiin ang bukid sa maliliit na pinitak. Ang isang bukid ay maaaring patag o dumadalisdid. Ito ay maaaring may basa o mabatong mga bahagi. Magkolekta ng sampol na kumakatawan sa kabuuang sukat ng lupa, na may pare-parehong dalisdid, tekstura, lalim, daluyan ng tubig, at pananim.

2. Gumawa ng patatsulok na hiwa sa lalim na 25-30 sentimetro (Figure 1). Maghiwa ng 2-3 sentimetrong (Figure 2) kapal mula sa bawat hiwa kung gumagamit ng pala. Alisin at ilagay ang nakolektang lupa sa lalagyan. Ulitin ang paraang ito sa 10 magkakaibang lokasyon gaya ng ipinapakita sa Figure 3.

Figure 1




Ang trapezoidal na hiwa ay dapat na 25-30 cm sa lalim

Figure 2



Hiniwang lupa na kokolektahin para sa sampol (2-3 cm kapal) na may lapad na 10-25 cm

Figure 3




Sampung ibat ibang lugar sa bukid ang dapat pagkolektahan ng lupa

Tandaan: Iwasan ang kontaminasyon habang kinokolekta at habang pinoproseso ang sampol na lupa.

3. Paghaluin ang lupa sa lalagyan; basagin/durugin ang malalaking tipak sa posibleng pinakamaliit na laki, at ibuhos ang mga ito sa isang plastik na lalagyan. Hatiin sa apat (Figure 4) at itapon ang natitirang bahagi. Ulitin ang paraan ng paggawa hanggang sa maabot ang nais na dami.

Figure 4



Sa pinaghati-hating parte, kolektahin lamang ang una at pang-apat na mga bahagi at itapon ang ikalawa at ikatlong bahagi.

4. Punan ang *soil sampling information sheet* (Apendiks 3) at ikabit ito sa sampol ng lupa. Lagyan ng marka ang mga plastik na bag ng mga sumusunod:
- Petsa at lugar ng pagsasampol, at
 - Pangalan ng mananaliksik o magsasaka
5. Sa inyong istasyon/laboratoryo, patuyuin ang mga sampol na lupa. Durugin na gamit ang martilyong kahoy/pandikdik.

Kailangang Impormasyon sa Pagsasampol ng Lupa

Pangalan ng Magsasaka _____	Petsa ng Pagsasampol _____
Tirahan _____	
Lokasyon ng bukid _____	Petsa ng pagsusumite _____
Direksyon upang matukoy ang lugar/palatandaan _____	
Lawak ng lupang kinakatawan (ektarya) _____	
Topograpiya: — Patag _____ Pababa o pataas _____ Maburol _____	
Nakaraang mga pananim _____	
Abonong iniaplay sa nakalipas na taniman (dami at uri) _____	
Pananim at barayting lalagyan ng abono _____	
Pinanggagalingan ng tubig: _____ may tiyak na patubig (NIA, bomba, SWIP at iba pa) _____ sahod-ulan	
Ani (tonelada bawat ektarya) sa Tag-araw _____ sa Tag-ulan _____	
Taas o baba ng dalisdis _____	
Ani mula sa nakaraang taniman _____	